

DepEd Advisory No. 291, s. 2016

Oktubre 7, 2016

In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013

This advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001, but only for the information of DepEd officials, personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

PABATID PAGBABAGO SA PATIMPALAK SA PAGLIKHA NG LIHAM

Ang *Philippine Postal Corporation (PHLPost)* ay pinababatid na ang mga liham na gagawin ng mga mag-aaral sa selebrasyon ng *National Letter Writing Day (NLWD)* na gaganapin sa ika-7 ng Oktubre 2016 ay hindi na magiging opisyal na lahok sa *Universal Postal Union (UPU) International Writing Competition for Young People* bagkus ito ay magiging lahok sa *National Letter Writing Competition* ng bansa na may temang *Sulat ng Bayani sa Henerasyon Ngayon*.

Ang mga pagbabagong ito ay bunsod ng pagkabalang ng pagpapabatid ng tema ng UPU para sa *International Writing Competition for Young People*. Ito ay sa kadahilanan na may kasalukuyang nagaganap na kongreso ng mga namamahala sa koreo sa mundo sa Istanbul, Turkey at pagkatapos pa lamang nito bubuuin ang tema para sa patimpalak.

Layunin ng patimpalak na ito na magsagawa ng isang patimpalak nasyunal para sa paglikha ng liham pang pandayin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paggawa ng sulat kaalinsabay ng selebrasyon ng NLWD. Ito din ay mainam na pagsasanay bago isagawa ang *International Letter Writing Competition*.

Ang patimpalak ay bukas para sa mga mag-aaral ng ika-7 hanggang ika-9 na Baitang mula sa pampubliko at pribadong paaralan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaaring makipag-ugnayan kay:

Marcos Ryan P. Laurente
Public Relation Officer IV
Corporate Communication Division
Philippine Postal Corporation (PHLPost)
3rd Floor, PHLPost Main Building
Liwasang Bonifacio, Ermita, Manila
Telepono: (02) 527-0074
Mobile Phone: 0998-989-2016
Website: <https://www.phlpost.gov.ph>